

IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™

Humina ang operating conditions noong Hunyo

Mga pangunahing nalaman

Nagiging mas bahagya ang paglago ng output

Sa pangkalahatan, hindi nagbago ang mga bagong order

Naging pinakamabilis ang pagbaba ng employment sa loob ng 20 buwan

Humina ang mga kundisyon ng manufacturing sa ASEAN noong Hunyo, ayon sa headline IHS Markit Purchasing Managers' Index (PMI™), dahil sa bumababang trend ng employment at mahinang paglaki ng output.

Bumaba ang headline index nang lagpas sa mahalagang 50.0 na marka na naghihiwalay sa pag-angat at pagbaba, at naitala ito sa 49.7 noong Hunyo at bumaba mula 50.6 noong Mayo. Ito ang unang pagbagal sa mga ASEAN manufacturing firm sa loob ng apat na buwan, pero bahagya lang ito. Sa katunayan, lima sa pitong sinusubaybayang bansa ang patuloy na nag-ulat ng mas magagandang kundisyon sa negosyo, bagama't tatlo sa mga ito ang nakaranas ng paghina ng pag-unlad kumpara sa nakaraang buwan.

Nagtala ang Myanmar ng kapansin-pansing pagganda ng kalagayan ng manufacturing sector nito (53.0) na may mabilis na pagdami ng output at mga bagong order. Nakaranas din ang Vietnam ng matatag na pagganda ng operating conditions, at naging pinakamataas na naitala ito (52.5) sa kasalukuyang taon.

Nag-ulat ang Pilipinas ng mas mabagal na paglago (51.3) dahil sa mas mahinang demand at mahabang yugto ng bumababang employment. Nakaranas din ang Thailand ng paglago na naapektuhan ng pagliit ng lakas-paggawa, at nagtala ito ng bahagyang mas maliit na headline reading (50.6) mula noong Mayo sa kabila ng mas mabilis na paglaki ng output. Nakaranas ang Indonesia ng katulad na mabagal na pag-angat (50.6) pagkatapos maabot ang siyam na buwang high sa nakaraang buwan.


Nagtala ang Malaysia ng siyam na buwang sunud-sunod na paghina ng mga kundisyon sa manufacturing (47.8) at naging mas mabilis ang paghina mula noong Mayo. Itinala ng manufacturing sector ng Singapore ang pinakamabilis na paghina ng operating conditions (42.9) mula noong nagsimula ang series.

Nahirapan ang pangkalahatang overall manufacturing sector ng ASEAN noong Hunyo, dahil sa unang pagbaba ng employment sa loob ng 15 buwan. Naging bahagya ang bilis ng pagkawala ng trabaho pero naging pinakamalubha ito simula noong Oktubre 2017. Ang Thailand at Pilipinas ang nakaranas ng pinakamabilis na pagliit ng bilang ng kawani, na dahil daw sa hindi pagpapalit ng mga boluntaryong umalis ayon sa mga panelista.

ipinagpatuloy...

ASEAN Manufacturing PMI

sa, >50 = pag-unlad mula noong nakaraang buwan



Mga Pinagkunan: IHS Markit.

Komento

Nagkomento sa mga resulta ng pinakabagong survey si David Owen, Ekonomista sa IHS Markit, aniya:

"Natapos ang mahinang paglago sa mga kumpanya sa ASEAN noong Hunyo, dahil naitala ng pinakabagong data ang bahagyang paghina sa operating conditions na dulot ng mahinang demand at bumababang bilang ng trabaho. Ito ang ikatlong paghina na naitala ngayong taon na dulot ng isang nahihirapang pandaigdigang industriya ng manufacturing.

"Kapansin-pansin na bumaba ang employment sa unang pagkakataon sa loob ng 15 buwan. Sa pangkalahatan ay laganap ito sa mga manufacturing firm sa Thailand at sa Pilipinas, kung saan may maraming ulat ng mga boluntaryong umalis.

"Samantala, bumaba noong Hunyo ang mga export sa manufacturing. Pagkatapos ng dalawang buwan ng hindi nagbabagong volume ng international sale, nag-ulat ang mga kumpanya ng bahagyang pagbaba ng mga export order. Maaaring reaksyon ito sa mas matataas na taripa sa US-China trade war, dahil isinasabay ng mga negosyo ang mga aktibidad nila sa pagbili. Gayunpaman, hindi pa natin alam kung ano ang magiging pangmatagalang epekto ng mga bagong taripa sa rehiyon, at iminumungkahi ng ilang commentator na ang isang mas positibong epekto ay makakaapekto sa mga negosyo sa China at ilipat ang kanilang pakikipagkalakalan sa mga ASEAN exporter."

Naging bahagya ang paglaki ng output noong Hunyo. Ang mga kumpanya ay nahadlangan ng kahinaan ng demand dahil sa muling pagbaba ng mga bagong order mula sa ibayong dagat. Nakatulong ang domestic sales na bawasan ang epekto sa mga producer, at sa pangkalahatan ay hind nagbago ang kabuuang dami ng bagong trabaho.

Dahil dito, binawasan ng mga kumpanya ang kanilang pagbili ng input noong Hunyo, kasunod ng bahagyang paglaki noong Mayo. Ang pagbabawas ng pagbili ng input ay naging mas laganap sa Malaysia at Singapore, habang nagtala ng mas maraming input order ang mga natitirang sinusubaybayang bansa.

Gayundin, naging pinakamabilis ang pagbaba ng mga stock ng mga biniling produkto mula noong Pebrero, habang ang mas mababang level ng produksyon ay humantong sa muling pagbaba sa mga immentaryo ng finished goods.

Ang nabawasang supply chain pressure ay nagbigay-daan sa mga vendor na iklian ulit ang lead times sa katapusan ng pangalawang quarter, at napahaba nito ang kasalukuyang yugto nang hanggang limang buwan. Myanmar lang ang nakaranas ng paghaba ng delivery times noong Hunyo.


Nag-ulat ng mga kumpanya sa ASEAN ng bahagyang pagtaas lang ng mga presyo ng input, at nakabawi ito mula sa pinakamataas na level sa loob ng limang buwang naitala noong Mayo. Ito ay humantong sa mas bahagyang pagtaas ng mga singil sa pagbenta, bagama't isa pa rin ito sa pinakamabilis na naitala sa taong ito.

Panghuli, nanatiling maganda ang sentimyento sa negosyo para sa hinaharap na output noong Hunyo. Bagama't bumaba ito mula sa 30 buwang high ng Mayo, nanatiling mataas pa rin ang optimism kumpara sa karamihan ng nakaraang dalawang taon. Naging pinakapositibo ang mga kumpanya sa Indonesia, habang nagkaroon ng negatibong outlook ang mga negosyo sa Singapore sa unang pagkakataon sa loob ng dalawang taon.

Manufacturing PMI

Indonesia / Malaysia / Myanmar / Pilipinas
Singapore / Thailand / Vietnam

sa, >50 = pagganda mula noong nakaraang buwan



Mga Pinagkunan: IHS Markit.

Contact

David Owen
Economist
IHS Markit
Telepono: +44 207 064 6237
david.owen@ihsmarkit.com

Bernard Aw
Principal Economist
IHS Markit
Telepono: +65 6922 4226
bernard.aw@ihsmarkit.com

Joanna Vickers
Corporate Communications
IHS Markit
Telepono: +44 207 260 2234
joanna.vickers@ihsmarkit.com

Pamamaraan

Ang IHS Markit ASEAN Manufacturing PMI™ ay kinakalap ng IHS Markit mula sa mga tugon sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa mga panel ng mga manufacturer sa Indonesia, Malaysia, Myanmar, Pilipinas, Singapore, Thailand at Vietnam, na may kabuuang nasa 2,100 manufacturer. Ang mga bansang ito ay kumakatawan sa 98% ng ASEAN manufacturing value added*. Ang mga panel ay hinahati-hati ayon sa detalyadong sektor at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamin nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season. Ang mga ASEAN index ay kinakalkula sa pamamagitan ng sama-samang pagsusukat ng mga national index. Ang mga weight ng bansa ay kinakalkula ayon sa taunang manufacturing value added*.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: Mga Bagong Order (30%), Output (25%), Employment (20%), Delivery Times ng Mga Supplier (15%) at Mga Stock ng Pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang Index ng Delivery Times ng Mga Supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi binabago ng IHS Markit ang pinagbabatayan nitong data ng survey pagkatapos ng unang pag-publish, ngunit maaaring baguhin ang mga salik ng pag-a-adjust na batay sa panahon paminsan-minsan kung kinakailangan na makakaapekto sa serye ng data na na-adjust batay sa panahon.

Ang data ng Hunyo 2019 ay nakolekta noong 12-24 Hunyo 2019.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economics@ihsmarkit.com.

*Pinagmumulan: World Bank World Development Indicators.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, IHS Markit. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa IHS Markit. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang IHS Markit para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang IHS Markit para sa anumang mga pinsalang espesyal, insidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magreresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited. Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito.

Tungkol sa IHS Markit

Ang IHS Markit (Nasdaq: INFO) ay isa sa nangunguna sa paghahatid ng mahahalagang impormasyon, analytics, at mga solusyon para sa malalaking industriya at merkado na nagpapakita sa ekonomiya sa buong mundo. Naghahatid ang kumpanya ng mga pinakabagong impormasyon, analytics at solusyon sa mga customer sa larangan ng negosyo, pampinansyal at pamahalaan, na nagpapahusay sa kanilang pangangasiwa at nagbibigay ng kapaki-pakinabang na kaalamang nagreresulta sa mga matalino at pinag-isipang pasya. May mahigit 50,000 customer sa mga negosyo at pamahalaan ang IHS Markit, kabilang ang 80 porsiyento ng mga kumpanya sa Fortune Global 500 at ang mga nangungunang pampinansyal na institusyon sa buong mundo.

Ang IHS Markit ay isang nakarehistrong trademark ng IHS Markit Ltd. at/o mga affiliate nito. Ang lahat ng iba pang kumpanya at pangalan ng produkto ay maaaring mga trademark ng mga may-ari ng mga ito © 2019 IHS Markit Ltd. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa IHS Markit, mangyaring mag-email sa joanna.vickers@ihsmarkit.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Tungkol sa PMI

Available na ngayon ang Purchasing Managers' Index™ (PMI®) sa higit sa 40 bansa pati na rin sa mga pangunahing rehiyon gaya ng Eurozone. Ang mga survey sa negosyo na ito ay ang mga pinakasinasubaybayang mundo, na pinapaboran ng mga bangko sentral, pampinansyal na merkado at ng mga taong gumagawa ng mga pangnegosyong pagpapasya nang dahil sa kakayahan nitong magbigay ng napapanahon, tumpak at madalas ay natatanging mga indicator ng mga paggalaw sa ekonomiya. Upang matuto nang higit pa, pumunta sa ihsmarkit.com/products/pmi.html.